

## SERBISYONG PANTAGUYOD SA LOOB NG TAHANAN (IHSS) PAGTATALAGA NG PINAHINTULUTANG KINATAWAN

---

### **MGA TAGUBILIN para sa Pagtatalaga ng isang Pinahintulutang Kinatawan:**

- Ang form na ito ay nagpapahintulot sa aplikante/tagatanggap ng IHSS o ang kanyang legal na kinatawan na pumili ng Pinahintulutang Kinatawan para sa programa ng IHSS at alamin ang mga tungkulin na maaaring gampanan ng Pinahintulutang Kinatawan sa kanyang ngalan. Ang form na ito ay para **lamang** sa programa ng IHSS.
- Sa pagpili ng isang pinahintulutang kinatawan upang kumatawan sa aplikante/tagatanggap sa isang pang-administratibong pagdinig ng estado, kumpletuhin ang isang hiwalay na form, DPA 19 (Pinahintulutang Kinatawan). Ang taong pinahintulutan na nasa kumpleto at naisumiteng form na DPA 19 ay maaaring kumatawan sa aplikante/tagatanggap sa isang pang-administratibong pagdinig ng estado.
- Ang Pinahintulutang Kinatawan ay kailangan na 18 taong gulang o mas matanda.
- Sa ilalim ng batas ng estado, kung ang taong pinili bilang Pinahintulutang Kinatawan ay **hindi** legal na kinatawan ng aplikante/tagatanggap at **napatunayang** nagkasala o nakulong matapos ang isang napatunayang pagkakasala para sa ilang namumukod na krimen sa loob ng nakaraang 10 taon, **hindi** siya maaaring italaga bilang pinahintulutang kinatawan. Mayroong dalawang kategorya ng pagbubukod ng mga krimen:
  - **Mga krimen sa Tier 1, tulad ng nakasaad sa Welfare and Institutions Code (WIC) seksyon 12305.81, kasama ang mga sumusunod:**
    1. Tinukoy na pang-aabuso sa isang bata (Penal Code [PC] seksyon 273a[a]);
    2. Pang-aabuso sa nakatatanda o umaasang matanda (PC seksyon 368); at
    3. Pandaraya laban sa isang programa sa pangangalaga sa kalusugan o mga serbisyong pantaguyod ng pamahalaan.
  - **Mga krimen sa Tier 2, tulad ng nakasaad sa WIC seksyon 12305.87, kasama ang mga sumusunod:**
    1. Isang marahas o seryosong krimen, na tinutukoy sa PC seksyon 667.5(c) at PC seksyon 1192.7(c);
    2. Isang mabigat na pagkakasala kung saan ang isang tao ay kinakailangang magparehistro bilang isang may salang-sekswal alinsunod sa PC seksyon 290(c); at
    3. Isang mabigat na pagkakasala na pandaraya laban sa isang programa ng pampublikong serbisyong panlipunan, gaya ng nasasaad sa WIC seksyon 10980(c)(2) at 10980(g)(2).

Ang isang kumpletong listahan ng mga krimen sa Tier 2 ay makukuha kapag hiniling mula sa Tanggapan ng IHSS ng County o Awtoridad Pampubliko ng IHSS.

- Ang aplikante/tagatanggap o ang kanyang legal na kinatawan ay maaaring pumili ng bago o magdagdag ng isa pang Pinahintulutang Kinatawan sa IHSS **sa anumang oras** sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang bagong form at pagsusumite nito sa manggagawang panlipunan ng county.
- Ang Pinahintulutang Kinatawan ay dapat kumilos sa pinakamahusay na interes ng aplikante/tagatanggap at maaari lamang gumawa ng mga tungkulin na awtorisado sa form na ito. **Ang mga kawani ng programa ng IHSS ng County ay kailangan pa ring makipagkita ng personal sa aplikante/tagatanggap upang magtanong tungkol sa kanyang pangangalaga at mga serbisyo kahit na ang Pinahintulutang Kinatawan ay maaaring naroroon din.**
- Ang Pinahintulutang Kinatawan ay maaaring magsagawa ng lahat ng mga gawain na nakalagay sa **BAHAGI B (MGA TUNGKULING GINAGAWA NG PINAHINTULUTANG KINATAWAN)**; **gayunpaman, ang aplikante/tagatanggap ay responsable pa rin sa pagbibigay ng lahat ng kinakailangang impormasyon para sa pagiging karapat-dapat sa programa.**

#### **MGA TAGUBILIN para sa pagkumpleto ng form na ito:**

- **Kumpletuhin ang seksyon** kasama ang pangalan ng aplikante/tagatanggap, Numero ng Kaso sa IHSS, at petsa.
- **Kumpletuhin ang BAHAGI A (PAGTATALAGA NG PINAHINTULUTANG KINATAWAN)** at suriin ang **BAHAGI B (MGA TUNGKULING GINAGAWA NG PINAHINTULUTANG KINATAWAN)** ng form na ito upang maunawaan kung anong mga gawain ang maaaring maibigay ng pinahintulutang kinatawan para sa aplikante/tagatanggap.
- **Kung ang asawa ng aplikante/tagatanggap/domestic partner ay pareho niyang tagabigay at pinahintulutang kinatawan**, ang tanging dokumento lamang na may kaunayan sa tagabigay na maaari niyang pirmahan ay ang SOC 862 (*Kahilingan ng Tagatanggap ng IHSS para sa Pagpapaubaya ng Tagabigay*). Kumpletuhin ang **BAHAGI C (TAGAPIRMA NG TIMESHEET AT/O IBA PANG MGA DOKUMENTONG MAY KAUGNAYAN SA TAGABIGAY)** upang magtalaga ng ibang tao na maglilingkod bilang pinahintulutang kinatawan ng aplikante/tagatanggap upang pirmahan ang mga timesheet at iba pang dokumentong may kaugnayan sa tagabigay.
- Matapos makumpleto ang form na ito at mapirmahan ang **BAHAGI D (PAGKILALA NG APLIKANTE/TAGATANGGAP)**, **isumite ang form na ito sa manggagawang panlipunan ng county.**

<b>Pangalan ng Aplikante/Tagatanggap</b>	<b>Numero ng Kaso ng IHSS</b>	<b>Petsa</b>
--	-------------------------------	--------------

Ako ang Legal na Kinatawan ng Aplikante/Tagatanggap.

Ako ang

Konserbator     Legal na Tagapag-alaga     Magulang/Legal na Pinahintulutang Tagagawa ng Desisyon (para sa menor de edad na bata) ng Aplikante/Tagatanggap.

Naiintindihan ko na hindi ko kailangang kumpletuhin ang form na ito upang maglingkod bilang Pinahintulutang Kinatawan ng aplikante/tagatanggap maliban kung:

- Magkakaroon ako ng responsibilidad na pumirma sa mga timesheet ng tagabigay ng IHSS at/o iba pang mga dokumentong may kaugnayan sa tagabigay na kung saan ay kailangan kong kumpletuhin ang **BAHAGI C (TAGAPIRMA NG TIMESHEET AT IBA PANG DOKUMENTONG MAY KAUGNAYAN SA TAGABIGAY)**.
- Magtatalaga ako ng isa pang tao na maglilingkod bilang Pinahintulutang Kinatawan para sa mga layunin ng programa ng IHSS.

### **BAHAGI A. PAGTATALAGA NG PINAHINTULUTANG KINATAWAN**

Kumpletuhin ang bahaging ito ng form upang italaga ang indibidwal na pinili ng aplikante/tagatanggap o ng kanyang legal na kinatawan na maging kanyang Pinahintulutang Kinatawan sa IHSS.

Kung ang aplikante/tagatanggap o ang kanyang legal na kinatawan ay nais na magtatalaga ng maramihang Pinahintulutang Kinatawan sa IHSS upang maisagawa ang mga tungkulin na nakalista sa **BAHAGI B**, kumpletuhin ang isang hiwalay na form para sa bawat itinalagang Pinahintulutang Kinatawan.

**Ang aplikante/tagatanggap ng IHSS ay nagtatalaga sa sumusunod na indibidwal bilang kanyang Pinahintulutang Kinatawan para sa Programa ng IHSS:**

<b>Pangalan ng Pinahintulutang Kinatawan</b>	<b>Numero ng Telepono ng Pinahintulutang Kinatawan</b>	
<b>Tirahan ng Pinahintulutang Kinatawan</b>	<b>Lungsod</b>	<b>Zip Code</b>

**SA LOOB NG NAKARAANG 10 TAON, ANG INDIBIDWAL NA ITINALAGA SA BAHAGI A. AY:**

- a. Napatunayang nagkasala o nakulong pagkatapos na mahatulan para sa isang krimen sa Tier 1\*?  
 Oo  Hindi
- b. Napatunayang nagkasala o nakulong pagkatapos na mahatulan para sa isang krimen sa Tier 2\*?  
 Oo  Hindi

*\*Tingnan ang Pahina 1 ng mga tagubilin para sa kahulugan ng krimen sa Tier 1 at Tier 2.*

**BAHAGI B. MGA TUNGKULING GINAGAWA NG PINAHINTULUTANG KINATAWAN**

Ang aplikante/tagatanggap ng IHSS ay nagbibigay ng pahintulot para sa kanyang Pinahintulutang Kinatawan na kumilos sa ngalan niya para sa programa ng IHSS at maaaring gawin ang mga sumusunod na mga tungkulin:

- Pagtatakdal ng mga panayam at pagpupulong sa kawani ng programa ng IHSS ng county.
- Pagkumpleto at pagsusumite ng mga form ng aplikasyon para sa programa ng IHSS.
- Pagkumpleto at pagsusumite ng anumang karagdagang mga form at/o pagbibigay ng karagdagang mga talaan o impormasyon para sa pagiging karapat-dapat sa programa ng IHSS.
- Pag-uulat sa loob ng 10 araw sa programa ng IHSS ng county ng anumang mga pagbabago tungkol sa pagiging karapat-dapat ng aplikante/tagatanggap, tulad ng kabuuan ng sambahayan, tirahan, o numero ng telepono, o anumang oras na mawawala sa bahay ang aplikante/tagatanggap.
- Pagkuha ng impormasyon mula sa programa ng IHSS ng county hinggil sa katayuan ng kanyang aplikasyon at/o patuloy na pagiging karapat-dapat, kabilang ang mga pinahintulutang serbisyo at oras.
- Pag-hire at pagsisante ng (mga) tagabigay ng IHSS.
- Pagtuturo sa (mga) tagabigay ng aplikante/tagatanggap kung paano magbigay ng mga serbisyo sa kanya para sa programa ng IHSS.
- Pagsusuri ng kaso ng aplikante/tagatanggap ng IHSS.
- Pagpirma ng mga timesheet ng tagabigay ng IHSS at/o iba pang mga dokumentong may kaugnay sa tagabigay. **(Kumpletuhin ang BAHAGI C. TAGAPIRMA NG TIMESHEET AT IBA PANG DOKUMENTONG MAY KAUGNAYAN SA TAGABIGAY.)**

<b>BAHAGI C. TAGAPIRMA NG TIMESHEET AT IBA PANG DOKUMENTONG MAY KAUGNAYAN SA TAGABIGAY</b>
--

Ang pagkumpleto ang bahagi ng form na ito ay nagpapahintulot sa Pinahintulutang Kinatawan na pumirma ng mga timesheet ng tagabigay ng IHSS at/o iba pang mga dokumentong may kaugnayan sa tagabigay sa ngalan ng aplikante/tagatanggap.

**Kung ang Pinahintulutang Kinatawan ay nagsisilbi rin bilang tagabigay ng aplikante/tagatanggap at hindi isang legal na kinatawan tulad ng inilarawan sa pahina 1 ng form na ito, ang aplikante/tagatanggap ay dapat pumili ng ibang Pinahintulutang Kinatawan na pumirma sa mga timesheet ng tagabigay ng IHSS at/o iba pang mga dokumento na may kaugnayan sa tagabigay sa ngalan nya.**

Kung ang aplikante/tagatanggap o ang kanyang legal na kinatawan ay nais na magtalaga ng isang Pinahintulutang Kinatawan na pipirma sa mga timesheet ng tagabigay ng IHSS at ibang Pinahintulutang Kinatawan na pipirma ng ibang mga dokumento na may kaugnayan sa tagabigay ng IHSS, kumpletuhin ang isang form para sa bawat Pinahintulutang Kinatawan.

**Ang aplikante/tagatanggap ng IHSS o ang kanyang legal na kinatawan ay nagtatalaga sa sumusunod na indibidwal upang gawin ang mga tungkulin sa Programa ng IHSS na itinalaga sa ibaba:**

**(Piliin ang anumang mga tungkulin sa ibaba na nais ipagawa ng aplikante/tagatanggap sa sumusunod na indibidwal sa pamamagitan ng pagmamarka ng mga kahon sa kaliwa ng mga tungkulin.)**

- Pumirma sa **mga timesheet** ng tagatanggap ng IHSS.
- Pumirma ng **iba pang mga dokumento na may kaugnayan sa tagabigay ng IHSS**.

<b>Pangalan ng Pinahintulutang Kinatawan na Pipirma sa mga Timesheet ng Tagabigay at/o Iba Pang Mga Dokumento na May Kaugnayan sa Tagabigay</b>		<b>Numero ng Telepono</b>
<b>Kalye</b>	<b>Lungsod</b>	<b>Zip Code</b>

<b>BAHAGI D. PAGKILALA NG APLIKANTE/TAGATANGGAP</b>
---

Naiintindihan ko at sumasang-ayon na sundin ang lahat ng mga tuntunin at kondisyon sa form na ito. Kinikilala ko na ang impormasyong ibinigay sa form na ito ay totoo at tama.

<b>Pirma ng Aplikante/Tagatanggap o Legal na Kinatawan</b>	<b>Petsa</b>
<b>Nakalimbag na Pangalan ng Aplikante/Tagatanggap o Legal na Kinatawan</b>	
<b>Pirma ng Itinalagang Pinahintulutang Kinatawan sa BAHAGI A</b>	<b>Petsa</b>
<b>Pirma ng Itinalagang Pinahintulutang Kinatawan sa BAHAGI C</b>	<b>Petsa</b>

Ang pirma ng saksi o notary public ay kinakailangan kung ang aplikante/kinatawan ay hindi pisikal na makapirma sa form at makapaglagay ng marka ng pagkilala sa seksyon ng pirma. *Ang itinakdang Pinahintulutang Kinatawan ay hindi maaaring magsilbing saksi.*

<b>Pangalan ng Saksi/Notary Public</b>	
<b>Pirma ng Saksi/Notary Public</b>	<b>Petsa</b>

<b>PARA LAMANG SA PAGGAMIT NG COUNTY</b>
--

<b>County Social Worker Name</b>	
<b>County Social Worker Signature</b>	<b>Date</b>